THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Nanay, Nanay Ako'y May Sakit

Sis Techie Rodriqucz, Elder- Founder
Oktubre 6, 2021

Ayon sa lumang tugma, ang unang nasa isip tuwing tayo'y may dinaramdam ay ating mga nanay. Sa pagkakaroon ng ina na maka-Diyos, nakasisiguro tayong magiging maayos ang lahat. May isang katangian ang inang maka-Diyos na kinalulugdan ng Diyos: ang matatag na pananalig. Idinadalangin at ginagabayan niya ang kanyang mga anak na mamuhay ayon sa plano ng Diyos; buhay na pinapatnubayan ng karunungan ng Diyos.

**1.Mga inang kapansin-pansin sa Bibliya**

**1.1 Mama Mary (Lk1).** Siya ay lubos na pinagpala dahil ina siya ni Jesus. Ang kanyang pagsunod sa plano ng Diyos ay mahalaga sa pagkakasundo at pagbabagong loob ng sangkatauhan. Napili siyang magbahagi ng Ebanghelyo hindi lamang dahil sa kanyang kababaang loob at kadukhaan. Sa parehong paraan, huwag nating limitahan ang Diyos sa pagpili Niya sa atin bilang mga taga-bahagi rin ng Ebanghelyo.

**1.2 Lois at Eunice (2Tim.1:3-5).** Silang dalawa ang nag-impluwensya kay Timoteo sa pagkakaroon ng dalisay na pananalig,kaya pinuri sila si San Pablo.

**1.3 Jochebed, ina ni Moses (Ex.2).** Nagmula sa lipi ni Levi ang mga magulang ni Moses. Sa pamamagitan ng pananalig, gumawa ng basket ang kanyang ina para mailigtas siya sa galit ng Faraon. Tunay nga, ang pananalig sa Diyos ng kanyang ina ang tumupad sa plano ng Diyos sa pag-alis ng mga Israelita sa Ehipto patungong Lupang Pangako.

**1.4 Ang inang Cananea (Mt.15:21-28).** Despirado siyang ina na humingi ng tulong kay Jesus, hindi para sa kanyang sarili kundi para sa kanyang anak. Nakapagtataka, hindi buong tinapay ang kanyang hiningi, kundi katiting na awa at habag ng Diyos. Alam niya na Diyos lamang ang makapagpapagaling sa kanyang anak. Sa presensya ng Diyos, dumulog siya, at nagmakaawa.

**2. Mga balakid sa pananalig (Mt.15:23-27).** Kailangan ng ina ang kagalingan ng kanyang anak at nagtagumpay siya sa mga pagsubok batay sa

**2.1 lahi/ninuno.** Hindi siya Israelita at itinuturing na kaaway ng mga Hudyo.

**2.2 relihiyon.** Kilala ang kanyang angkan sa kasuklam-suklam na relihiyong sumasamba sa kakaibang diyos.

**2.3 kapootang panlahi.** Nakaramdam siya ng diskriminasyon sa mga alagad at sa mga taong naghanap kay Jesus.

**2.4 pagtanggi.** Tinanggihan ni Jesus ang kanyang pakiusap. Ipinapalagay na may mga dahilan ang Diyos: para subukin ang kanyang pananalig, para pangunahan siya sa pananalig na nagliligtas, para ituro ang tamang pananalig sa kanyang mga alagad, at para gawing huwaran ng pananalig ang ginang.

**2.5 katotohanan.** Ang kanyang kaso ay tunay na kaso ng kawalang pag-asa.

**3. Ang premyo ng ina.** "Hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa Kanya" (Heb. 11:6). Namangha si Jesus sa kanyang pananalig sa pagsalungat sa mga Hudyo at sa mga eskriba. Ang kanyang anak ay gumaling dahil sa kanyang pananalig.

**Konklusyon:**

Ang pagpupursige at matibay na pananalig ng ina sa kapangyarihan ng Diyos na magpagaling ay nagpatunay na walang hangganan o limitasyon ang habag at awa ng Diyos. Napagtagumpayan nila ang pagsubok dahil sa pagmamahal ng ina sa anak at nalaman nila na handang tumulong ang Diyos sa lahat na nagtitiwala sa Kanya.

**Pagninilay:**

1. Paano nakatulong ang pananalig sa iyong paglalakbay kasama ang Diyos?
2.Ano ang naging impluwensya ng iyong ina sa iyong pananalig? Paano mo ipinapakita ang iyong pananalig kay Jesus?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
#Ina #PagigingIna #Pananalig #Tiwala